CITY OF LONG BEACH

Health and Human Services
2525 Grand Avenue, Long Beach, CA 90815
(562) 570-4000 FAX (562) 570-4049

KAUTUSAN NG HEALTH OFFICER PARA SA PAGKONTROL NG COVID-19

Mga Kinakailangan na Mga Protokol para sa mga Lisensyadong Congregate na Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan
PAG-ISYU NG KAUTUSAN:Abril 15, 2020

Mangyaring basahin nang mabuti ang Kautusan na ito. Ang paglabag sa o kabiguang sumunod sa Kautusang ito ay isang krimen na may kaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. (Ca. Health & Safety Code/Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng Ca § 120275 et seq)

Buod: Noong Marso 4, 2020, idineklara ni Gobernador Newsom ang isang state of emergency para sa kondisyong sanhi ng isang novel coronavirus, COVID-19 at noong Marso 4, 2020, idineklara ng Lungsod ng Long Beach (Lungsod) ang local na emergency at isang lokal na emergency sa kalusugan na may kaugnayan sa COVID- 19 sa pamayanan, na na-aprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach noong Marso 11, 2020.

Sa Lungsod, ang Estado ng California (Estado), at ang bansa, walang sapat na dami ng mga imprastraktura para sa mga kritikal na pangangalaga sa kalusugan, kabilang ang mga kama sa ospital, mga ventilator at manggagawa, na may sapat na kakayahan na gumamot ng maraming bilang ng mga pasyente sa isang solong oras kung sakaling kumalat ang virus na hindi nasusuri.

Sa direktang tugon sa kakulangan ng imprastraktura sa pangangalaga sa kalusugan, ang mga gobyerno sa buong bansa ay nagsasagawa ng mga aksyon upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 upang mabawasan ang dami ng impeksyon at bawasan ang bilang ng mga indibidwal na nahawaan sa anumang oras sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga sitwasyon kung saan maaaring kumalat ang virus.

Ang social distancing lamang sa ilang mga Lisensyadong Congregate na Mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Kalusugan (Licensed Health Care Facilities) na naglilingkod sa mga indibidwal 65 taong gulang at mas matanda o mga may kasalukuyang ibang karamdaman sa kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado, sa Skilled Nursing na mga Pasilidad at Mga Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga (Long-Term Care Facility) ay maaaring hindi epektibo dahil sa konsentrasyon ng mga indibidwal at ang likas na katangian ng mga serbisyong ibinibigay sa kanila.

Napag-alaman ng City Health Officer (Opisyal ng Kalusugan) na:

1) May mataas na panganib ng COVID-19 sa mga nagtatrabaho o naninirahan sa ilang mga Lisensyadong Congregate Health Care na Pasilidad, at kasama ang mga nagbibigay ng serbisyo sa ating pamayanan.

2) Na bago magbigay ng mga serbisyo sa ating pamayanan, o bago pumasok sa ilang Lisensyadong Congregate Health Care na mga Pasilidad lahat ng mga indibidwal na hindi isang pasyente, kasalukuyang residente, o bagong residente ay dapat

magsagawa ng pagsusuri sa sarili at pagsusuri ng temperatura para sa mga sintomas ng COVID- 19 virus; at

3) Alinsunod dito, ang mga indibidwal na may mga sintomas tulad ng sakit sa palahingahan o lagnat ay hindi dapat pumasok sa mga Lisensyadong Congregate Health Care na mga Pasilidad dahil ang paggawa nito ay malamang magpahina sa pagkalat ng COVID-19 kapwa sa loob ng Lungsod, County, at Estado.

Ang Kautusan na ito ay inisyu sa kasalukuyang umiiral na pagkalat ng COVID-19 sa Lungsod na nagbibigay ng Malaki at makabuluhang panganib ng pinsala sa kalusugan ng mga residente. Sa kasalukuyan, walang magagamit na bakuna upang maprotektahan laban dito at walang tiyak na gamutan para sa COVID-19. Mula Abril 13, 2020, nagkaroon ng hindi bababa sa 350 na mga positibong kaso ng COVID-19 at 14 na pagkamatay na iniulat sa Lunsod, kung saan 73 positibong kaso at 10 na pagkamatay ang naugnay sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga sa Lungsod. Mayroong nananatiling isang malaking posibilidad ng isang makabuluhan at patuloy na pagtaas ng bilang ng mga pinaghihinalaang kaso ng pagkakahawa sa pamayanan.

Ang Health Officer ay patuloy na magsusubaybay sa antas ng pagkalat ng COVID-19 na mga sakit, ang kalubhaan ng mga nagreresulta na sakit at pagkamatay na sanhi, mga rekomendasyon ng California Department of Public Health (CDPH) at Centers for Disease Control and Prevention (CDC), at ang epekto ng Kautusang ito. Kung kinakailangan, ang Kautusang it ay maaaring palawakin, pahabain, o kung hindi man baguhin upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG CALIFORNIA HEALTH AND SAFETY CODE SECTIONS 101040, 101085, AT 120175, ANG HEALTH OFFICER NG LUNGSOD NG LONG BEACH AY NAG-UUTOS:

1. Ang Kautusang ito ay simula 5:00 p.m. (PDT) Abril 15, 2020 at patuloy hanggang sa susunod na paunawa o hanggang ito ay pinalawig, pinawalang-bisa, pinalitan, o binago sa isang kasulatan ng Long Beach Health Officer (Opisyal ng Kalusugan). Ang Kautusang ito ay nalalapat sa mga Lisensyadong Congregate Health Care na mga Pasilidad, tulad ng tinukoy sa Kautusang ito, sa Lungsod ng Long Beach (Lungsod).

2. Inuutusan ng Health Officer ang sumusunod na mga Lisensyadong Congregate Health Care na Pasilidad:

    a. **Limitadong pagpasok.** Walang sinuman maliban sa mga empleyado, mga unang tumutugon, mga medikal na propesyonal, o mga nakontratang mahahalagang manggagawa sa maintenance at mga tagapagbigay ng serbisyo ang papasok sa isang pasilidad. Ang lahat ng mga bisita, kabilang ang mga boluntaryo at hindi mahahalagang manggagawa tulad ng mga barbero, tagapaglibang, at iba pa, ay bawal pumasok sa pasilidad. Kung mahalaga (hal., pagtatapos ng buhay), limitahan ang pag-access sa isang bisita lamang sa isang pagkakataon at kinakailangan ang tao ay magsuot ng

surgical mask o malinis na telang pantakip ng mukha. Ayusin ang mga alternatibong pamamaraan ng pagbisita (virtual) na hindi personal, kung kinakailangan.

b. **Balik sa trabaho.** Walang sinumang empleyado na positibong nasuri para sa COVID-19 o na nagpapakita ng mga sintomas na nauugnay sa COVID-19 ang tatanggapin na pagpasok sa pasilidad hanggang sa matupad nila ang CDC Criteria for Return to Work for Healthcare Personnel na may Confirmed o Suspected COVID-19 (Kriteria ng CDC para Bumalik sa Trabaho para sa mga Tauhan ng Pangkalusugang Pangangalaga na may Kumpirmado o Pinaghinalaang may COVID19) (Pansamantalang Patnubay) na matatagpuan sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019- ncov/hcp/return-to-work.html at dapat sundin ang mga kasanayan sa pagbabalik sa trabaho at mga paghihigpit sa trabaho na matatagpuan doon.

c. **Lahat ng komunal na kainan at mga aktibidad ay dapat suspindihin**. Lahat ng pagkain ay ihahain sa loob ng mga indibidwal na silid. Ang mga tauhan ay maaaring kumain sa mga breakroom ng tauhan o isang hiwalay na itinalagang lugar ngunit ang social distancing ng anim na (6) talampakan o mas higit pa ay dapat ipatupad sa lahat ng oras habang kumakain. Ang mga residente /pasyente ay mananatili sa kanilang mga silid.

d. **Paghiwalayin ang mga lugar at tauhan**. Dapat kang magtaguyod ng isang lugar sa loob ng iyong pasilidad para sa mga positibong nasuri sa COVID-19 o na nagpapakita ng mga sintomas na nauugnay sa COVID-19, pisikal na nakahiwalay mula sa at lugar para sa mga hindi nakumpirma o pinaghihinalaang may COVID-19. Ang lahat ng mga empleyado na nagtatrabaho o pumapasok natukoy na COVID-19 na lugar ng iyong pasilidad ay hindi dapat magtrabaho o pumasok sa anumang iba pang bahagi ng iyong pasilidad**.**

e. **Ang lahat ng tauhan ay dapat magsuot ng surgical mask sa lahat ng oras habang nasa pasilidad.** Kailangang sumangguni at sundin ng mga tauhan ang kasalukuyang patnubay ng U.S. Centers for Disease Control (CDC). Ang mga tauhan ay dapat magsuot ng N-95 na respirator, kung mayroon, at lahat ng personal na kagamitan sa pangangalaga (PPE) na inirerekumenda ng CDC (tulad ng guwantes, gown, proteksyon sa mata) habang nagbabantay sa mga taong pinaghihinalaan o nakumpirma na may COVID-19. Sa mga pasilidad na may pagkalat ng COVID-19, ang mga tauhan ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat magsuot ng buong PPE para sa pangangalaga ng lahat ng mga pasyente, anuman ang diyagnosis o mga sintomas ng COVID-19. Dapat sundin ng mga pasilidad ang gabay ng CDC sa pagkonserba ng PPE.

f. **Lahat ng mga tauhan ay dapat sumunod sa gabay sa pag-iwas ng impeksyon mula sa Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS) at ang CDC.** Sa partikular, dapat sundin ng mga pasilidad ang naaangkop na kalinisan ng kamay tulad ng itinakda ng CDC, at ang listahan ng gabay sa pamantayan sa pagkontrol sa impeksyon na ibinigay ng CMS. Dapat sundin ng mga pasilidad ang anumang karagdagang gabay na ibinigay ng Health Officer, tulad ng “Long-Term Care Facility Guidance for Managing and Preventing

COVID” (Gabay ng Pasilidad ng Pangmatagalang Pangangalaga para sa Pamamahala at Pag-iwas sa COVID-19) o “Long Beach Masking Recommendations for Healthcare Personnel (Mga Rekomendasyon sa Pagsusuot ng Mask para sa mga Tauhan ng Tagapag-alaga sa Kalusugan sa Long Beach).

g. **Dapat magsuot ang mga pasyente/residente ng surgical mask kung mayroon, o malinis na telang pantakip ng mukha, kung nasa labas ng silid ng tao.** Kasama dito ang mga pasyente/residente na dapat regular na umaalis sa pasilidad para sa pangangalaga (hal., mga pasyente ng hemodialysis). Kinakailangan ang pagsusuot ng surgical mask para sa sinumang residente na may mga sintomas.

h. **Pagsusuri ng sintomas para sa lahat.** Ang lahat na pumapasok sa pasilidad (maliban sa mga unang tumutugon, na karaniwang may hiwalay na mga pagsusuri) ay dapat magkaroon ng pagsusuri ng sintomas bago pumasok. Ang sinumang nakakaranas ng anumang mga sintomas ay hindi papasukin sa pasilidad. Tulad ng ginamit sa Seksyong ito, kasama sa mga "mga sintomas", ngunit hindi limitado sa, lagnat, panginginig, masamang nararamdaman, namamagang lalamunan, ubo, pagbahing, igsi ng paghinga o mga sintomas na may kinalaman sa tiyan at bituka, tulad ng malambot na dumi o paninigas ng tiyan. Dapat kunin ang temperature ng bawat taong papasok sa pasilidad. Ang sinumang may lagnat (100.0 ° F o 37.8 ° C) ay hindi papapasukin sa pasilidad. Ang mga indibidwal na gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat sa nakaraang walong oras ay bawal sa pasilidad. Ang temperatura ay dapat kunin gamit ang isang pamamaraan na hindi magiging sanhi ng panganib para sa pagkakahawa ng sakit sa pagitan ng mga empleyado. Dapat na limitado ang access point upang matiyak na ang lahat ng naa-access na mga pasukan ay may istasyon ng pagsusuri ng temperature.

i. **Magsagawa ng mga pagsusuri sa temperatura araw-araw para sa mga tauhan at pasyente/residente**. Ang lahat ng mga tauhan ay dapat na suriin nang dalawang beses araw-araw, isang beses bago ang pagpunta sa trabaho at ang pangalawa humigit-kumulang labindalawang (12) oras pagkatapos. Ang mga pasyente / residente ay dapat sinusiri nang madalas bawat araw. Ang mga rekord ng pagusuri ng temperature ay dapat itago.

j. Ang lahat ng kumpirmado o pinaghihinalaang mga kaso ng COVID-19 ay dapat iulat sa Long Beach Department of Health and Human Services sa pamamagitan ng telepono.

k. Dapat iwasan ng mga pasilidad, sa anumang paraan na posible, ang paggamit ng mga empleyado na nagtrabaho sa ibang pasilidad.

Mga Kahulugan:

3. “Licensed Congregate Health Care na mga Pasilidad” ay kinabibilangan ng mga sumusunod na mga pasilidad sa loob ng Lungsod:
    a. Adult Residential Care Facilities (ARF) lahat ng uri ng lisensya
    b. Chronic Dialysis na Klinika
    c. Continuing Care Retirement Communities
    d. Mga Hospice na Pasilidad
    e. Intermediate Care na mga Pasilidad ng lahat ng uri ng mga lisensya
    f. Psychiatric Health na mga Pasilidida
    g. Mga Pasilidad ng Residensyal na Pag-aalaga para sa mga Matatanda
    h. Residensyal na Pasilidad para sa may Talamak na Sakitl
    i. Skilled Nursing na mga Pasilidad
    j. Mga Pasilidad para sa Social na Rehabilitasyon
    k. Mga Pasilidad para sa Pangmatagalang Pangangalaga

Karagdagang Mga Tuntunin

4. Ang Order na ito ay hindi, sa anumang paraan, naghihigpit sa: (a) unang tumutugon sa sap ag-access sa lugar (mga) na pinangalanan sa Kautusang ito sa panahon ng isang emergency o (b) mga lokal, estado o pederal na opisyal, imbestigator, o medikal na tauhan o tauhan sa pagpapatupad ng batas sa pagsasagawa ng kanilang mga naaangkop na tungkulin sa lugar (mga) na pinangalanan sa Kautusan na ito.

5. Ang Lungsod ay dapat magbigay agad ng mga kopya ng Kautusang ito sa pamamagitan ng: (a) pag-post nito sa website ng Long Beach’s Department of Health and Human Services website (http://www.longbeach.gov/health/), (b) pag-post nito sa Civic Center na matatagpuan sa 411 W. Ocean Blvd., Long Beach, CA 90802, (c) pagbibigay nito sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya, (d) pag-isyu ng isang pahayag sa press upang maipahayag ang Kautusan sa buong Lungsod, at (e) sa pamamagitan ng paghahatid sa email sa mga malalaking pasilidad na kilala ng Health Officer na malamang nasasailalim ng Kautusang ito (ngunit ang serbisyo sa pamamagitan ng email ay hindi kinakailangan para sa pagsunod). Ang may-ari, tagapamahala, o operator ng anumang pasilidad na malamang maapektuhan ng Kautusang ito ay mariing hinihikayat na mag-post ng isang kopya ng Kautusang ito sa onsite at magbigay ng isang kopya sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya.

6. Kung ang anumang subseksyon, pangungusap, sugnay, parirala, o salita ng Kautusang ito o anumang aplikasyon nito sa sinumang tao, istraktura, pagtitipon, o pangyayari ay hindi balido o hindi konstitusyonal sa pamamagitan ng desisyon ng isang korte na may karapatang hurisdiksyon, ang nasabing desisyon ay hindi makakaapekto sa bisa ng mga natitirang bahagi o aplikasyon ng Kautusang ito.

7. Ang Order na ito ay inisyu alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng sanggunian, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang State of Emergency na inisyu ni Gov. Gavin Newsom at ang Marso 4, 2020 na pagpapahayag ng isang lokal at pampublikong emergency sa kalusugan na inisyu ng Konseho ng Lunsod ng Long Beach, ang Proklamasyon ng Lokal na Emergency sa pamamagitan ng City Manager, at ang Pahayag ng Lokal na Health Emergency ny Health Officer, ayon sa pagkakabanggit, at gabay na inilabas ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California, kung saan ang bawat isa sa mga ito ay at maaaring madagdagan.

8. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay bumubuo ng isang napipintong banta at lumilikha ng isang agarang panganib sa kalusugan ng publiko. kaligtasan at kapakanan. Upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko, ang Health Officer ng Lungsod ng Long Beach ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon para sa kabiguang pagsunod sa Kautusan na ito. Ang paglabag sa Kautusang ito ay isang misdemeanor o may kaparusahan ng pagkabilanggo, multa o pareho sa ilalim ng California Health and Section Code 120275 et seq at Kabanata 1.32 ng Long Beach Municipal Code.

9. Alinsunod sa Long Beach City Charter Seksyon 109, Seksyon 8634 at 41601 ng California Government Code; Mga seksyon 101040 at 120175 ng California Health and Safety Code; at mga Kabanata 8.08 at 8.26 ng Long Beach Municipal Code, ang mga Kautusan at Direktibang ito na tulad ng inisyu ng Health Officer ay maipapatupad ng Hepe ng Pulisya ng Lungsod ng Long Beach upang matiyak ang pagsunod at pagpapatupad ng Kautusang ito at ang mga Direktibo na itinakda dito.

ITO AY INUUTOS:



Anissa Davis, MD, DrPH,

Health Officer, Lungsod ng Long Beach
Petsa: Abril 15, 2020